



PAUNAWA SA MGA KARAPATAN

Ordinansa sa mga Proteksiyon ng Independiyenteng Kontratista (Independent Contractor Protections Ordinance)

May Karapatan ang mga Independent Contractor na:

- Makatanggap ng nakasulat na paunawang tumutukoy sa mga iminumungkahing tuntunin at kondisyon ng trabaho at sa mga tuntunin at kondisyon ng pagbabayad bago magsimulang magtrabaho.
- Makatanggap ng nasa oras na bayad alinsunod sa mga tuntunin at kondisyon ng nakasulat na paunawa bago magtrabaho o kontrata.
- Kung hindi tinukoy, matatanggap ang bayad sa loob ng 30 araw pagkatapos makumpleto ang mga serbisyong nasa kontrata.
- Makatanggap ng nakasulat na paunawang nagbibigay ng mga partikular na naka-itemize na impormasyon ng pagbabayad sa tuwing ginagawa ang pagbabayad.

Sino ang Nasasaklawan?

Mga Self-Employed na Independent Contractor na:

- 1 walang empleyado,
 - 2 ginagawa ang anumang bahagi ng kanilang trabaho sa Seattle para sa isang komersiyal na hiring entity (entidad na tagapag-hire),
- AT
- 3 makatanggap o maaaring makatuwirang asahang makatanggap ng hindi bababa sa \$600 na kabuuang kompensasyon mula sa hiring entity sa pagitan ng Enero 1 at Disyembre 31 sa loob ng isang taon.

Alamin ang IYONG mga Karapatan bilang Manggagawa:

- **BAWAL ANG MAGHIGANTI:** Pinoprotektahan ng mga batas na ito ang mga manggagawa laban sa paghihiganti dahil sa pagtamasa o paggamit sa mga karapatang ito.
- **KARAPATANG MAGHAIN NG REKLAMO:** May karapatan ang mga manggagawa na maghain ng reklamo sa Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards) o magsampa ng demanda kung lalabagin ng isang hiring entity ang mga batas na ito.
- **MGA KARAPATAN SA PAGTATRABAHO:** Kung sa tingin mo ay maaaring isa ka palang empleyado, sa halip na independent contractor (independiyenteng kontratista), makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa.

Bilang empleyado, maaaring may mga karapatan kang makatanggap ng may bayad na sick leave (pagliban dahil sa pagkakasakit), minimum na sahod, overtime (pagtatrabaho nang lampas sa karaniwang oras), at may bayad na oras ng pagkain at pagpapahinga. Pag-aralan ang [Gabay sa Pag-uuri ng Manggagawa \(Worker Classification Guide\)](#) bago makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa para sa karagdagang tanong.

Ang paggamit sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ordinansa sa Mga Proteksiyon ng Independiyenteng Kontratista ay hindi makakaapekto sa anumang mga karapatang maaaring mayroon ang isang manggagawa bilang empleyado.

Iba pa

- Dapat ibigay ng mga hiring entity ang paunawang ito sa mga independiyenteng kontratista sa English at sa pangunahing wika ng manggagawa bilang pisikal na kopya o sa naa-access na electronic format bago simulan ang trabaho.
- Nagbibigay ang Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa ng mga pagsasalin, interpretasyon, at akomodasyon para sa mga taong may mga kapansanan.

MAG-SCAN DITO UPANG
MABASA ANG BUONG
ORDINANSA AT PARA SA
HIGIT PANG IMPORMASYON:



Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa

MGA INDEPENDENT CONTRACTOR: Maghain ng reklamo sa Ordinansa sa mga Proteksiyon ng Independiyenteng Kontratista o magsampa ng demanda sa korte.
MGA HIRING ENTITY: Makakuha ng tulong sa pagsunod at/o makatanggap ng pagsasanay.

